



Australian Government
Australian Taxation Office



Pansariling-edukasyon na mga gastos

Kailan ka maaaring mag-claim ng mga gastos sa self-education

✓ **Maaari kang mag-claim** ng kabawasan para sa gastos sa self-education kung ito ay may sapat na koneksyon sa iyong kasalukuyang mga aktibidad sa trabaho. Ang mga gastos ay magkakaroon ng sapat na koneksyon kung ang self-education ay alinman sa:

- pinapanatili o pinapabuti ang mga partikular na kasanayan o kaalaman na kailangan mo para sa iyong kasalukuyang trabaho
- nagreresulta sa, o malamang na magresulta sa, pagtaas sa iyong suweldo mula sa iyong kasalukuyang trabaho.

Kailan mo hindi maaaring ma-claim ang mga gastos sa self-education

✗ **Hindi mo maaaring i-claim** ang isang kabawasan para sa mga gastos sa self-education kung sa oras na natamo mo ang mga ito, alinman sa mga sumusunod ang naaangkop:

- hindi ka nagtatrabaho
- ito ay nauugnay lamang sa iyong trabaho sa pangkalahatang paraan
- ang edukasyon ay para makakuha ka ng bagong trabaho.

Ang mga gastos sa self-education na maaari mong i-claim

✓ **Hangga't karapat-dapat ka at may tamang mga talaan, pwede mong i-claim ang:**

- mga bayad sa kurso o seminar (ang gastos sa pagpapatala o pagpaparehistro)
- pangkalahatang gastos sa kurso (tulad ng stationery at paggamit ng internet)
- pagbaba sa halaga ng mga nababawang halaga ng mga asset na ginamit para sa iyong pag-aaral (tulad ng isang laptop)

- ang mga gastos sa sasakyan o transportasyon para sa iyong mga biyahe sa pagitan ng bahay at ng iyong lugar ng edukasyon o sa pagitan ng trabaho at iyong lugar ng edukasyon
- mga gastos sa tirahan at pagkain (kapag ang self-education ay kinakailangan kang maglakbay at magdamag na malayo sa iyong tahanan)
- interes sa perang hiniram upang bayaran ang mga nababawas na gastos sa self-education.

Kung ang gastos ay para sa parehong trabaho at pribadong layunin, maaari mo lang i-claim ang kabawasan para sa bahaging nauugnay sa trabaho. Halimbawa, kung gumagamit ka ng computer 50% ng oras para sa pag-aaral at 50% para sa mga pribadong dahilan, maaari mo lamang i-claim ang kalahati ng pagbaba ng halaga ng computer bilang isang kabawasan.

Kung karapat-dapat kang mag-claim ng kabawasan, magpanatili ng mga talaan ng lahat ng iyong mga gastos sa self-education.

Ang mga gastos sa self-education na hindi mo maaaring i-claim

✗ **Hindi mo maaaring ma-claim ang:**

- tuition fee na binayaran ng ibang tao
- tuition fee para sa mga lugar na sinusuportahan ng Commonwealth sa isang unibersidad o provider ng mas mataas na edukasyon, kabilang ang anumang mga bayarin na binabayaran mo nang maaga o sa tulong ng isang HECS-HELP loan
- mga pagbabayad ng pautang sa suporta sa pag-aaral at pagsasanay (kabilang ang mga FEE-HELP at HECS-HELP na mga pautang)
- tirahan at pagkain kung saan ka nakatira sa lokasyon kung saan ka nagsasagawa ng self-education.

i Ito ay isang pangkalahatang buod lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang ato.gov.au/selfeducation (sa Ingles) o makipag-usap sa isang [rehistradong propesyonal sa buwis](#)

Kung gusto mong makipag-usap sa amin sa ibang wika maliban sa Ingles, tumawag sa Translating and Interpreting Service (Serbisyo para sa Pagsalin at Pag-interpret sa Wika) sa **13 14 50**. Kung ikaw ay tumatawag mula sa ibang bansa, tumawag sa **+61 3 9268 8332**.

